Mensahe Dalawa

## Ang Intrinsikong Paglago ng Ekklesia para sa Organikong Paglaki Nito

Babasahin sa Kasulatan: Col. 2:19; Efe. 4:13, 15-16; 1 Cor. 3:6-7; 12:12; Juan 3:29-30a, 34

**I. Ang intrinsikong paglago, ang organikong paglago, ng ekklesia ay ang paglago sa loob ng dibinong buhay, na siyang ang naproseso at namamahaging Tres-unong Diyos—Efe. 4:15-16; 3:16-17; 2 Cor. 13:14:**

A. Ang ekklesia ay lumalago sa loob ng buhay na ito, pinalalago ng buhay na ito, kasama ang buhay na ito, at sa pamamagitan ng buhay na ito; tayo ay ipinanganak ng dibinong buhay, na siyang ang Diyos Mismo, at ngayon ay sinasanhi tayo ng Diyos na lumago—Juan 1:12-13; 1 Cor. 3:6c.

B. Binabanggit ng Colosas 2:19 ang paglago ng Katawan, na siyang ang paglago ng Diyos sa loob natin:

1. Ang lumago ay ang maidagdag si Kristo tungo sa loob natin—1 Cor. 3:6-7; Gal. 4:19.
2. Ang paglago ng Katawan ay nakadepende sa kung ano ang magmumula kay Kristo bilang Ulo—Efe. 4:15-16:
   a. Kapag ang Katawan ay natutustusan sa pamamagitan ng pagtangan sa Ulo, ang Katawan ay lumalago sa paglago ng Diyos—Col. 2:19.
   b. Ang Katawan ay lumalago mula sa Ulo, sapagkat ang lahat ng tustos ay nagmumula sa Ulo—Efe. 4:15-16.
3. Ang paglago ng Katawan ay nakadepende sa paglago ng Diyos, ang pagdaragdag ng Diyos, ang paglaki ng Diyos, sa loob natin—Col. 2:19:
   a. Ang Diyos ay hindi lumalago sa Kanyang sarili, sapagkat Siya ay kumpleto at perpekto; Siya ay lumalago sa loob natin.
   b. Ang Diyos ay nagbibigay ng paglago sa pamamagitan ng pagbibigay ng Kanyang sarili sa atin sa isang subhektibong paraan.
   c. Lalong naidadagdag ang Diyos tungo sa loob natin, lalong paglago ang ibinibigay Niya sa atin; ganito ang paraan kung paano ibinibigay ng Diyos sa atin ang paglago—1 Cor. 3:6-7.
   d. Tanging ang Diyos ang makapagbibigay ng paglago; tanging ang Diyos ang makapagbibigay ng Kanyang sarili sa atin, at kung wala Siya ay hindi tayo magkakaroon ng paglago—bb. 6-7:
      (1) Ang pagdagdag ng Diyos tungo sa loob natin ay ang paglagong ibinibigay Niya.
      (2) Ang bigyan tayo ng Diyos ng paglago ay nangangahulugan sa katunayan na ibinibigay Niya ang Kanyang sarili sa atin—Roma 8:11.
      (3) Ang ibigay sa atin ng Diyos ang paglago sa buhay ay nangangahulugang Siya ay lumalaki sa loob natin.
4. Kung gaano kalaki ang paglago ng Diyos sa loob natin ay nakadepende sa kung gaano kalaking puwang ang ibibigay natin sa Kanya upang lumago—Efe. 3:17a; Col. 3:16:
   a. Kapag binibigyan natin ang Diyos ng puwang sa loob natin, Siya ay lumalawak at lumalaki sa loob natin; ang paglaking ito ay ang Kanyang paglago sa loob natin.
   b. Ang paglago ng Diyos sa loob natin ay nagiging paglago natin sapagkat Siya at tayo ay iisa—1 Cor. 6:17.
5. Ang paglago ng ekklesia bilang Katawan ni Kristo ay ang paglago ng Diyos sa ekklesia—Col. 2:19.

C. Ang ekklesia ay lumalago hanggang ito ay humantong sa paggulang—"[ang] sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Kristo"—Efe. 4:13:

1. Si Kristo ay may kapuspusan, ang kapuspusan ay may pangangatawan, at ang pangangatawan ay may isang sukat.
2. Ang Katawan ni Kristo ay ang Kanyang kapuspusan, ang Kanyang kahayagan—1:23:
   a. Si Kristo, na siyang ang walang hangganang Diyos na walang anumang limitasyon, ay napakadakila na Kanyang pinupuspos ang lahat ng bagay sa loob ng lahat ng bagay.
   b. Ang gayong dakilang Kristo ay nangangailangan ng ekklesia upang maging Kanyang kapuspusan para sa Kanyang kumpletong kahayagan—bb. 22-23.
   c. Sa pamamagitan ng pagtatamasa sa kayamanan ni Kristo (3:8), tayo ay nagiging ang Kanyang kapuspusan para sa Kanyang kumpletong kahayagan.
3. Ang kapuspusan ni Kristo, na Kanyang Katawan, ay may pangangatawan; ang pangangatawan ng kapuspusan ni Kristo ay ang pangangatawan ng Katawan ni Kristo—4:13; 1:23.
4. Ang kapuspusan ni Kristo ay may pangangatawan, at ang pangangatawang ito ay may sukat—4:13:
   a. Dahil ang pangangatawan ng ekklesia, ang Katawan ni Kristo, ay lumalago, binabanggit ni Pablo ang pangangatawan nito; ang sukat nito ay ang ganap na lumagong tao—b. 13.
   b. Tayo ay nasa daan patungo sa isang ganap na lumagong tao, patungo sa sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Kristo:
      (1) Ang magtaglay ng sukat na pangangatawan ng kapuspusan ni Kristo ay hindi isang bagay para sa mga indibiduwal; ito ay isang bagay ng sama-samang Katawan.
      (2) Habang si Kristo ay lumalago sa loob natin, tayo ay dahan-dahang makararating sa sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Kristo.
      (3) Kailangan nating magpatuloy hanggang sa makarating tayong lahat sa sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Kristo; ito ang ating gol, at dapat tayong masigasig na magpatuloy patungo rito hanggang sa lahat tayo ay sama-samang makarating dito—Fil. 3:12-14.

**II. Ang organikong paglaki ng ekklesia ay ang paglaki ni Kristo sa Kanyang organikong Katawan bilang Kanyang kasintahang babae—Juan 3:29-30a:**

A. Ang kapuspusan ni Kristo ay ang Kanyang Katawan, at ang Katawan ni Kristo ay ang Kanyang kapareha, ang Kanyang kasintahang babae—Efe. 4:12-13, 16; 5:25-27.

B. “Ang nagtataglay sa kasintahang babae ay ang kasintahang lalaki….Kinakailangan Siyang maragdagan”—Juan 3:29-30a:
   1. Ang pagdaragdag sa Juan 3:30a ay ang kasintahang babae sa bersikulo 29, at ang kasintahang babae ay ang binubuo ng lahat ng naisilang na muling tao.
   2. Ang pagkasilang na muli ay hindi lamang nagdadala ng dibinong buhay tungo sa loob ng mga mananampalataya, bagkus ginagawa din silang ang sama-samang kasintahang babae para sa paglaki ni Kristo—3:3, 5-6, 29-30a.
   3. Si Kristo ay lumalaki sa pamamagitan ng pagsisilang na muli sa mga tinubos na makasalanan, ginagawa silang Kanyang kasintahang babae—b. 29.

C. Inihahayag ng kapitulo 3 ng Ebanghelyo ni Juan ang lumalaking Kristo, ang Isa na nagsasalita ng mga salita ng Diyos at nagbibigay ng Espiritu nang walang sukat—b. 34:
   1. Kapag ang isang tao ay tumatanggap ng Kanyang mga salita, ang Espiritu ay sumusunod upang maging realidad ng kung ano ang isinalita.
   2. Pinalalaki ni Kristo ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng pagsasalita ng salita ng Diyos upang ipalaganap ang Diyos at sa pamamagitan ng pagbibigay ng Espiritu ng Diyos upang maging realidad ng kung ano ang sinalita Niya upang maipamahagi ang buhay na walang

hanggan tungo sa loob ng mga tao, ginagawa silang mga anak ng Diyos upang maging ang paglaki ni Kristo; ito ang paraan kung paanong si Kristo ay nagiging ang lumalaking Kristo—6:63; 3:30a, 34.

D. Ang paglaki ni Kristo ay ang multiplikasyon at pagpaparami ni Kristo; ang naisilang na muling bahagi ng ating katauhan ay isang bahagi ng paglaki ni Kristo, ang Kanyang kasintahang babae—b. 6.

E. Ang kasintahang babae bilang ang paglaki ni Kristo ay si Kristo Mismo sapagkat ang Katawan ni Kristo—"ang Kristo" (1 Cor. 12:12)—ay ang sama-samang Kristo, binubuo ni Kristo bilang Ulo at ng ekklesia bilang Kanyang Katawan kasama ang lahat ng mananampalataya bilang mga sangkap.

*© 2021 Living Stream Ministry*